Colors, Future!
いろいろって、未来。
川崎市

# Ika-57 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

**Pinamatnugan at inilathala ng: Opisina ng Karapatan at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kultura ng Mamamayan, Lungsod ng Kawasaki, Setyembre 1, 2016**
(Wikang Hapon) http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html
(Wikang Hapon na madaling maintindihan) http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html

## Pagsimula ng ika-11 Termino ng Kinatawan ng mga Dayuhan




Noong ika-24 ng Abril, Linggo, ay ginanap ang unang pagpupulong ng mga Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki. Ito ay ginawa sa Kawasaki International Center. Sa pagpupulong na ito, ipinamahagi ni Vice Mayor Ito and sulat ng pagkomisyon sa mga bagong kinatawan.Ang mensahe ng vice mayor ay “Ang lugar na mabuting tirahan para sa mga dayuhan, ay lugar na mabuting tirahan para sa lahat kabilang ang mga Hapon. Maaaring pag-usapan ninyo kung paano mas magiging mabuting tirahan at mas maginhawang lugar ang lungsod ng Kawasaki, at mangyaring gumawa kayo ng panukala base dito.” Pagkatapos nito, ang 26 na kinatawan na nagmula sa 16 na bansa at napili mula sa mahigit 200 aplikante, ay nagpakilala ng sarili at sinabi ang mga nais na pag-usapan sa pulong. Napili bilang tagapangulo si Jia Hui He (Malaysia), at pangalawang-pinuno si Edward Mwimbi Kezengwa (Kenya). Maaari kayong umasa na sa tulong ng mga bagong kinatawan ng mga dayuhan, ang lungsod ng Kawasaki ay magiging mas mabuting lugar.

## Nais mo bang makinig ng Pagpupulong?

——Iskedyul ng Pagpupulong ng mga Kinatawan sa Terminong 2016——

Lugar: Kawasaki International Center (10 minutos na lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Toyoko Line)

Mapa: http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml

Oras: mula 2pm hanggang 5pm


10/16 (Linggo) Ika-1 araw ng ika-3 miting
12/11 (Linggo) Ika-2 araw ng ika-3 miting
01/15 (Linggo) Ika-1 araw ng ika-4 miting
02/12 (Linggo) Ika-2 araw ng ika-4 miting

＊＊＊＊＊＊

Ang pagpupulong ay pwedeng daluhan ng kahit sinuman. Halina at makibahagi sa pagpupulong!

**Paunawa tungkol sa Open Forum**
Magkakaroon ng open forum sa ika-20 ng Nobyembre, Linggo.
Lugar: Takatsu Citizen Hall
Oras: mula 2pm hanggang 5pm

## Pag-ulat sa alkalde at konseho ng panukala at mga gawain sa taong 2015 ng Ika-10 Termino



Noong ika-20 ng Abril (Miyerkules) ang tagapangulo ng Ika-10 Termino ng mga Kinatawan na si Joachim Senou at ikalawang pangulo na sa Charles Olson, kasama ang tagapangulo ng seksyon ng panlipunang pamumuhay na si Jialin Ren, at kinatawan ng seksyon ng edukasyon para sa welfare na si Fabio Yoshinori Kawamoto, ay isinumite sa alkalde na si Norihiko Fukuda ang taunang ulat, at panukala ukol sa “pag-gawa ng lugar sa rehiyon”, “pagsuporta sa pag-papalaki ng bata”, “pagpasok sa high school”, “diskriminasyon sa pag-upa”, at“madaling maintindihang wikang hapon”.

Ayon kay Mr. Fukuda, “May 20 taon na mula nang nagsimula ang pagpupulong na ito. Sa loob ng 20 taon na ito, ang sitwasyon din sa Lungsod ng Kawasaki ay may malaking pagbabago. Dahil sa maraming nasyonalidad, nagkakaroon ng mayaman na kultura ang Lungsod ng Kawasaki. Nais kong gawin na naisin ng kahit ano mang nasyonalidad na tumira at patuloy na tumira sa lugar na ito.”Aming sinagot na “kahit na may mga isyu pa, at may mga bagong isyu din na lalabas, ay nais naming tanggapin ito upang habang humihingi ng pag-intindi mula sa konseho at mga residente, ay mabigyan din ng solusyon ang mga ito.” Kami din ay naimbitahan na sumali sa Konseho para sa Edukasyon na ginanap noong ika-19 ng Mayo (Huwebes), upang maiulat ang mga gawain sa taong 2015.

Para sa detalyadong nilalaman ng panukala, maaaring tingnan ang pangtaunung ulat ng taong 2015, o kaya ang ika-56 na isyu ng newsletter. Sa pangtaunang ulat ay mababasa ang rason at detalyadong eksplanasyon ng panukala. Sa newsletter naman, mababasa ang panukala sa iba’t-ibang wika. Ang pangtaunang ulat at ang newsletter ay makikita sa mga materyal ng Pagpupulong ng Kinatawan, sa citizen hall, at sa library. Ang newsletter ay pwede din idownload mula sa website ng lungsod.

## Inirerekumendang lugar sa mundo: Zhangjiajie National Forest Park


Ang Zhangjiajie National Forest Park na nasa Hunan, China ay isang bahagi ng Wulingyuan Landscape Scenic Area na kasama sa Unesco World Natural Heritage. Nakakagapi ang tanawin ng nakapilang mga mahabang malaking bato. Ang natatanging hugis nito ay nabuo dahil sa pagguho na dulot na ulan at hangin mula panahon ng Palyozoik. Hindi makakakita ng kagaya nito kahit saan man sa mundo.

Ang mga batong ito ay hindi lamang para tingnan, ngunit pwede din itong i-hike. Dahil ang parke na ito ay mayroong kabuuang lugar na 264 square kilometer, kahit gaano kadami ang paglalakad ay hindi kayang lakarin ang kabuuan nito. Dahil sa pakiramdam ng abentura at paglalakad sa lugar na walang katulad, siguradong hindi magsasawa dito. Sinasabing ang napakagandang lugar na ito ang naging modelo ng pelikulang “Avatar.” Kung may pagkakataon, inyong puntahan at tingnan ang ganda nito.

(Yuancong Ye)

**Para sa katanungan**
Opisina ng Karapatan at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kultura ng Mamamayan, Lungsod ng KawasakiKawasaki Frontier Building 9th Floor, Ekimae Honcho 11-2, Kawasaki-ku Kawasaki City 210-0007
Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod naming tangapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.
R70 古紙パルプ配合率70%再生紙を使用



# Pagpapakilala ng mga Kinatawan ng ika-11 Termino



~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~

Sa loob ng dalawang taon, bilang kinatawan ng mga dayuhang naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki, aming pag-aaralan ang iba't-ibang problemang hinaharap ng mga dayuhan sa lungsod. Aming hinahangad ang inyong suporta.

~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~

① Pangalan
② Nasyonalidad o Rehiyon
③ Pakiramdam ngayong naging Kinatawan, nais na pag-usapan sa mga pulong
④ Paboritong salita at kagustuhan

＜Tagapangulo＞



① Jia Hui He
② Malaysia
③ Mga isyu na mahirap intindihin kagaya ng pensyon at nursing care. Nais kong pag-usapan kung paano gagawing madaling maintindihan ang impormasyon tungkol dito.
④ Kung may kalooban, may paraan

＜Pangalawang-pinuno＞



① Edward Mwimbi Kezengwa
② Kenya
③ Nais kong talakayin ang mga pang-araw-araw na isyu ng mga dayuhan sa Kawasaki, at makapag-bigay ng resolusyon dito.
④ Palaging parang hindi kaya, hanggang sa may makagawa nito. Pagkapantay-pantay, Kapatiran.



① LE, Viet Gia Khanh
② Vietnam
③ Nais kong tumulong upang gawing mas internasyonal na lugar ang Kawasaki
④ Ang kabaligtarang "imposible" ay hindi "possible", kundi "paghamon"



① Yuancong Ye
② China
③ Gamit ang karanasan sa ika-10 termino, nais kong pagbutihin ang mga usapan
④ Ang Diyos ay tumutulong sa taong tinutulungan ang sarili



① Fongchu Mo
② Taiwan
③ Nais kong pag-usapan ang pag-intindi ng iba't ibang kultura, at tungkol sa double citizenship.
④Pagkilala sa iba't ibang tao at pagranas ng iba't ibang bagay



① Elena Suzuki
② Russia
③ Nais kong ipaalam ang mga ginawa sa nakaraang termino, at makipagtulungan at diskusyon sa mga bagong miyembro.
④Ang katahimikan ay ginto



① Casey Jay Kuester
② Amerika
③ Bilang ama, nais kong maipagpabuti ang lungsod para sa mga dayuhang magulang
④Tahimik na pag-unawa



① Xiangmei Jiang
② China
③ Ako ay natutuwa at napili bilang kinatawan. Nais kong pag-usapan ang pagtuturo sa anak at pagpapabuti ng ating lugar.
④ Ang buhay ay parang aklat



① Sangwoo Ha
② Korea
③ Nais kong magpanukala ng mga solusyon para sa mabuting pamumuhay ng dayuhan at Hapon.
④ Isang beses lang ang buhay, huwag magkaroon ng panghinayang



① Fatima Kamata
② Brazil
③ Gamit ang aming iba't-ibang karanasan, nais kong makipagtulungan upang pagbutihin ang kinabukasan ng ating lugar, lalo na isyu ng matatanda, pag-aaral ng bata, at paghahanap ng trabaho.
④ Gawing posible ang imposible



① Jerry Villamar
② Philippines
③ Upang matandaan ng mga dayuhan ang "Kawasaki nice city," nais kong tumulong sa pagbigay ng solusyon sa mga isyu ng lungsod.
④ Gawin ngayon, o huwag nang gawin



① Karyna Zasukha
② Ukraina
③ Kahit na ako ay nasa unibersidad pa lang, nais kong magbigay ng iba't ibang perspektibo sa maraming bagay. Nais kong pag-usapan ang isyu ng trabaho ng mga dayuhan.
④ Kung kaya mong isipin, kaya mong gawin



① Sho Kan
② China
③Nais kong malaman ang mga problema ng mga dayuhan, lalo na tungkol sa pag-aalaga ng bata, upang mapagpabuti ang Kawasaki.
④ Kung may kalooban, may paraan



① Riezel Ramos Takahashi
② Philippines
③ Ako ay lubos na nagpapasalamat sa pagkakataon na mapagpabuti ang pamumuhay ng mga dayuhan sa lungsod. Nais kong gawin ang lahat ng aking makakaya.
④ Maging mapagpakumbaba sa lawak ng kaalaman, manalig sa pwedeng mangyari, at hindi matakot sa mga bagay na hindi importante



① Sunok Kim
② Korea
③ Nais kong pag-usapan ang mga isyu ng mga may kailangan ng tulong upang mas mapabuti ang Kawasaki, lalo na ang tungkol sa welfare ng matatanda at bata.
④ Maaayos din yan



① Irwan Sutanto
② Indonesia
③ Nais kong magsikap at pag-aralan ang maraming bagay.
④ Tumingin bago lumundag



① Jiyeon Suh
② Korea
③ Nais kong gawin ang makakaya upang mapabuti ang pamumuhay ng mga dayuhan sa Lungsod ng Kawasaki.
④ Mas pagbutihin ang ngayon kesa sa kahapon



① Fabio Yoshinori Kawamoto
② Brazil
③ Nais kong gamitin ang aking karanasan noong nakaraang termino upang masolusyonan ang mga problema ng dayuhan sa Kawasaki.
④ Sa pagiging-isa, tayo ay magtatagumpay, sa pagiging-hati, tayo ay mabibigo



① Arunanshu Chakravarty
② India
③ Natutuwa ako na naging kinatawan, ngunit nararamdaman ko din na mabigat itong responsibilidad. Nais kong tumulong sa pagpapabuti ng Kawasaki.
④ Ang paggalang sa iba ay paggalang sa sarili. Huwag susuko, ibigay ang lahat hanggang sa dulo.



① Cari Peterson
② Amerika
③ Nais kong padamihin ang mga lugar para sa pagkikita ng hapon at dayuhan upang mas pabutihin ang Kawasaki. Nais kong din makatulong sa mga isyung hinaharap ng mga dayuhan sa Kawasaki.
④ Hindi kailangan maging magaling para magsimula, ngunit kailangan magsimula para maging magaling.



① Oksana Bartkova
② Ukraina
③ Nais kong pag-aralan ang iba't ibang isyu at gumawa ng solusyon para dito, lalo na tungkol sa isyu ng lengwahe.
④ Mananalig ang tiyaga



① Asuka Hirachan
② Nepal
③ Nais kong malaman ang isyung hinaharap ng mga dayuhan sa Kawasaki upang kahit kaunti ay bumuti ang ating lugar
④ Isang beses na pagkakataon sa buong bahay



① Ahmad Yousouf Hosany
② Mauritius
③ Nais kong tumulong gamit ang higit na labing-limang taong paninirahan ko sa lungsod ng Kawasaki.
④ Huwag susuko, gawin ang makakaya hanggang sa dulo.



①Kabun Makuuchi
②China
③Kinakabahan ako, ngunit nais kong gawin ang aking makakaya. Nais kong talakayin ang pagpapabuti ng lungsod para sa mga housewife at mga bata.
④ Higit sa kahapon ang ngayon, higit sa ngayon ang bukas



① Daniela Dittmar
② Alemanya
③ Inaasahan ko ang mabuhay na talakayan sa mga pagpulong. Nais kong pag-usapan ang mga isyu at solusyon upang mabuhay nang tahimik ang mga dayuhan at mga hapon.
④ Ang lugar na may payapang pakiramdam ay ang syang tirahan